# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Biblical Studies

### CBS800 Sermon on the Mount
**Conrad Jun Tolosa**

### CBS802 Asin at Ilaw
***2) Basahin: Matthew 5:13-16****. Kayo ang asin ng lupa. Subalit kung mawalan ng alat ang asin, paano ito mapapaalat ulit? Wala nang silbi ito, kundi itapon sa labas at apak-apakan ng tao*. Noong unang panahon, ang ginagamit ng mga Hudyo na *preservative* upang hindi agad masira ang karne o isda ay asin. Sa ating bayan inaasnan natin ang isda o baboy at karne upang tumagal at hindi rin mabulok agad. Ginagamit din ang asin upang pairalin ang lasa o *flavor* ng gulay. Mayroon pang ibang gamit ang asin, subalit kapag matagal na panahon na hindi ginamit ang asin ito ay nawawalan na ng lasa. Kaya naman ito ay ginagamit na lamang na pang-iwas-dulas sa mga lansangan na basa.

Tayong mga alagad ni Cristo ang asin ng lupa. Tayo ang nakapipigil sa patuloy na pagdausdos ng lipunan sa kabulukan – ng moralidad man o ng ating kapaligiran. Marami ang ating nai-impluwensiyahan kung tayo ay mamumuhay ng may kabanalan o magpapakita ng pag-papahalaga sa ating *environment*. Habang tayo ay umiiwas na masangkot sa kurakutan sa gobyerno, panggugulang sa kalakalan o paglahok sa paggawa ng kasalanan sa mga beer house, sa nakawan, sugalan o sa bentahan ng shabu o pag-aahente sa jueteng, marami ang susunod sa ehemplong kanilang makikita sa ating buhay.

*Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod sa bundok ay hindi maikukubli. At hindi rin naman magsisindi ng lampara ang mga tao tapos ay tatakluban nila ito ng kaserola. Bagkos, inilalagay nila ito sa isang patungan upang mabigyang liwanag ang buong bahay. Tulad nito, ilantad mo ang iyong ilawan para sa lahat, upang makita nila ang iyong mabubuting gawa at purihin ang iyong Ama sa langit*.

Ang mundong ating ginagalawan ay mundong hulog sa kasalanan at taklob ng kadiliman. Mapagmamasdan natin ang kadiliman ng budhi ng tao saan mang dako ng Pilipinas ka pumunta. Napakarami ang mga manloloko, mga mapag-samantala, mga abusado, barumbado at mistulang hangal. Kung may kahinaan ang ulo mo, lagot ka sa mga taong ito. Kung mahina-hina ang loob mo, lagot ka sa mga taong ito.

Tayong mga alagad ni Cristo ang ilaw sa madilim na mundong ito. Nabibigyan natin ng kahulugan ang kabaliwan o kalokohan na umiikot sa ating kapaligiran. Nabibigyan natin ng pag-asa ang mga nasisiraan na ng loob dahil sa karimlan na kanilang nasasaksihan sa kani-kanilang paligid. May taglay tayong mabuting balita ng kaligtasan. Naitatama natin ang mga maling katuruan ng kung ano-anong relihiyon at iba't ibang pilosopiya na galing sa pangangatuwiran ng tao o galing sa kung sinung demonyo. Nabibigyan natin ng babala ang mga taong patungo sa bangin ng mapandayang kayamanan. Nai-expose natin ang nagpapanggap na liwanag na galing naman sa kadiliman ng impiyerno. Taglay natin ang liwanag ng katotohanan ng Salita ng Diyos; ang liwanag ng daan ng kaligtasan kay JesuCristo; ang liwanag ng pag-asa ng langit; ang liwanag ng biyaya ng Diyos na umaabot sa buhay ng hindi naman karapat-dapat ambunan nito.

***Multiple Choice:***

1. Ano ang pangunahing tungkulin ng asin ayon sa binasang talata?
   a. Para mapasarap ang pagkain
   b. Upang maiwasan ang pagkabulok at magbigay lasa
   c. Panglinis at gawing dalisay ang anumang bagay
   d. Upang bigyang liwanag ang dilim

2. Paano naaangkop ang pagiging "asin ng lupa" sa iyong pakikipag-ugnayan sa iba sa iyong pang-araw-araw na buhay?
   a. Huwag makipag-ugnayan sa mga taong may iba't-ibang paniniwala.
   b. Ibahagi ang iyong pananampalataya ng agresibo at hindi isinasaalang-alang ang kanilang pananaw.
   c. Maging mabuting impluwensya sa iba sa pamamagitan ng pagbabahagi at paninindigan sa values na tinuro ni Jesu-Cristo.
   d. Ihiwalay ang iyong sarili sa ibang tao at sa mundo upang mapanatili ang iyong kadalisayan.

3. Ano ang layunin ng paglalagay ng lampara sa kandelero?
   a. Upang itago ang liwanag
   b. Upang sumikat ang liwanag nito para makita ng lahat
   c. Upang makatipid ng langis
   d. Upang maprotektahan mula sa hangin

4. Sa anong mga paraan mo maipapakita ang iyong liwanag sa harap ng iba gaya ng nabanggit sa Mateo 5:16?
   a. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga kahanga-hangang himala
   b. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng iyong sariling mga tagumpay
   c. Sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting gawa na nagdudulot ng kaluwalhatian sa Diyos
   d. Sa pamamagitan ng pagtatago ng iyong pananampalataya at paniniwala

5. Sa Mateo 5:16, ano ang kahihinatnan kapag nakita ng mga tao ang mabubuting gawa ng mga tagasunod ni Jesus?
   a. Sila ay pupurihin ni Jesus.
   b. Luluwalhatiin nila ang Diyos.
   c. Tatanggap sila ng material na pagpapala.
   d. Sila ay magiging sikat.

© August 29, 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.